Estratehiya (Strategy)

Inilalagay sa aksyon ang ating bisyon ng Planong Pang-estratehiya. Ito ang naglilinya at nagbubuo sa ating organisasyon, nagbibigay ng lakas ng loob, at nagbubukod sa atin sa kompetisyon.

Mga Pangunahing Estratehiyang Pangkalakal

Ang ating pangunahing estratehiyang pangkalakal ay lilinang ng mga nangunguna at integradong posisyon sa mga bahagi ng pag-unlad sa daigdig:

Global Upstream

Umunlad nang may tubo sa mga sentrong larangan at bumuo ng mga bagong posisyon

Global Gas

Gawing komersiyal ang equity gas resource base habang nagpapalakas ng bisa ng pandaigdigang negosyo ng gas

Global Downstream

Palakihin ang batayang tubo at mapiling lumawak nang nakatuon sa integradong paglikha ng halaga

Nagpapanibagong Enerhiya

Mamuhunan sa mga teknolohiya ng nagpapanibagong enerhiya at makaposisyon sa mga mapagkikitaang nagpapanibagong enerhiya

Estratehiyang Tagapagpatupad

Tatlo ang estratehiyang tagapagpatupad na ginagamit sa lahat ng bahagi ng kompanya:

Mamuhunan sa Tao upang makamit ang ating mga estratehiya

Gamitin ang Teknolohiya upang makapagbigay ng pinakamataas na uri ng paggawa at pag-unlad

Itatag ang kapasidad na pang-organisasyon ("4+1") upang makapaghatid ng pandaigdig na uri ng paggawa sa mahusay na pagpapatakbong operasyonal, pagbabawas ng gastos, pangangasiwa ng kapital, at paglago ng kita

Sa likod ng mga Pangunahin at Tagapagpatupad na Estratehiyang Pangnegosyo ay ang mas detalyadong plano, taktika, at mga pinagtutuunang pamantayan na gumagabay sa ating pag-unlad sa bawat ispesipikong larangan ng negosyo na pinili natin para makipagkompetisyon. Ang mga detalyadong planong ito ay patuloy na sinusubok sa kompetisyon at patuloy na binabago upang mapanatili ang kakayahang pangkompetisyon.

Ipinaliliwanag ng Ang Pamamaraang Chevron kung sino tayo, ano ang ating ginagawa, pinaniniwalaan, at kung ano ang sinisikap nating makamit.

Nauunawaan ito hindi lamang ng mga nagtatrabaho rito kundi gayon din ng mga nakikipag-ugnayan sa atin.

Ang Pamamaraang Chevron

(The Chevron Way)



Niresiklo
Pang-resiklo

913-0039L (12/06) 2M

Bisyon (Vision)

Sa puso ng Ang Pamamaraang Chevron ay ang ating bisyon . . . ang kilalanin bilang *natatanging* global na kompanyang pang-enerhiya dahil sa bukod-tangi nitong mga empleyado, pakikipagsosyo, at paggawa.

Ito ang kahulugan ng ating bisyon:

- makapagbigay ng mga produktong pang-enerhiya na kailangang-kailangan para sa naipagpapatuloy na ekonomikong progreso at pag-unlad ng tao sa lahat ng panig ng mundo;
- makilala bilang organisasyong may mataas na kakayahan at komitment;
- mas pipiliing katuwang sa negosyo;
- makapaghatid ng pandaigdigang uri ng paggawa;
- hangaan ng lahat ng naniniwala sa ating kakayahan—mga namumuhunan, mamimili, tagapagtangkilik na pamahalaan, lokal na komunidad, at sa ating mga empleyado—hindi lamang dahil sa nakakamit nating hangarin kundi kung paano natin natatamo ang mga ito.

Mga Pagpapahalaga (Values)

Nakasandig sa ating mga pagpapahalaga ang pundasyon ng ating kompanya na nagbubukod sa atin at nagsisilbing gabay sa ating mga pagkilos. Isinasagawa natin ang ating negosyo sa makalipunan at etikal na kaparaanan. Iginagalang natin ang mga batas, sinusuportahan ang mga pandaigdigang karapatang pantao, pinangangalagaan ang kalikasan, at tinutulungan ang mga pamayanan kung saan tayo nagtatrabaho.

Katapatan (Integrity)

Tapat tayo sa ating sarili at kapwa. Sinusunod natin ang pinakamatataas na pamantayang etikal sa lahat ng ating pakikipagnegosyo. Tinutupad natin ang anumang pangakong binibitiwan natin. Tinatanggap natin ang ating responsibilidad at pinananagutan ang anumang gawa at kilos.

Pagtitiwala (Trust)

Nagtitiwala, iginagalang at sinusuportahan natin ang isa't isa, at nagsisikap tayo na makuha ang tiwala ng ating mga kasama at mga katuwang sa negosyo.

Pagkakaiba-iba (Diversity)

Natututo tayo at iginagalang ang kultura kung saan tayo nagtatrabaho. Pinapahalagahan natin at ipinakikita ang paggalang sa pagkakaiba-iba ng mga indibidwal at ang iba-ibang perspektibo at talento na ipinamamalas nila. Isa tayong kompanyang gumagalang sa pagkakaiba-iba ng mga tao, ideya, talento at karanasan.

Pagkamalikhain (Ingenuity)

Lagi tayong naghahanap ng mga bagong oportunidad at mga ekstra-ordinaryong solusyon. Ginagamit natin ang ating pagkamalikhain upang makakita ng di-karaniwan at praktikal na paraan para mabigyan ng solusyon ang mga problema. Ang ating karanasan, teknolohiya at pagsisikap ang naghahatid sa atin upang malampasan ang mga pagsubok at makapagbigay ng serbisyo.

Pagiging Katuwang sa Negosyo (Partnership)

Tiyak tayo sa ating komitment bilang mabuting katuwang sa negosyo na nagpapahalaga sa pagbuo ng mga ugnayang produktibo, nakikipagtulungan at nakabubuti sa mga pamahalaan, ibang kompanya, sa ating mga mamimili, pamayanan, at isa't isa.

Pangangalaga sa Tao at Kalikasan (Protecting People and the Environment)

Pinakamahalaga sa atin ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga manggagawa at ang pangangalaga sa ating mga ari-arian at kapaligiran. Hangad natin ang hangaan dahil sa ating pandaigdig na uri ng paggawa sa pamamagitan ng disiplinadong aplikasyon ng ating Operational Excellence Management System (Mahusay na Sistemang Pangangasiwa).

Mataas na Kalidad ng Paggawa (High Performance)

May komitment tayo sa kahusayan ng anumang ating ginagawa, at nagsisikap tayo na patuloy na mapabuti ang gawain. Napakahalaga sa atin na makamtan ang resulta na higit pa sa inaasahan natin at ng iba. Masigasig tayo na makamit ang resulta sa maikling panahon.